



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-113

“NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 2026-01 NG PAMBAYANG KAPULUNGAN SA KAUNLARAN NA NAGPAPATIBAY SA *SUPPLEMENTAL INVESTMENT PROGRAM* NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYONG PISO (₱3,000,000.00).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at
Pamamaraan at Kooperatiba**

SAPAGKA’T, ayon sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 (Local Government Code of 1991), ang bawat lokal na pamahalaan ay may mandato na isulong ang pangkalahatang kapakanan (General Welfare) ng kanyang mga nasasakupan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa at proyektong kapaki-pakinabang sa mamamayan;

SAPAGKA’T, nakasaad sa Seksyon 305(i) ng Batas Republika Blg. 7160 at sa mga alituntunin ng Joint Memorandum Circular (JMC) No. 1, S. 2016 ng DILG-NEDA-DBM-DOF, na ang badyet ng lokal na pamahalaan ay dapat na nakabatay at nagpapatupad sa mga naaprubahang lokal na planong pangkaunlaran o Annual Investment Program (AIP);

SAPAGKA’T, ang Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran ay nagpasa ng Kapasiyahan Blg. 2026-01 na nagpapatibay sa Supplemental Investment Program (SIP) para sa Taong 2026 na nagkakahalaga ng Tatlong Milyong Piso (₱3,000,000.00);


KUNG KAYA’T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na Kapasiyahan Blg. 2026-01 ng Pambayang Kapulungan sa Kaunlaran na nagpapatibay sa *Supplemental Investment Program* ng Pamahalaang Bayan ng

Bustos para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Tatlong Milyong Piso (P3,000,000.00).

PINAGTIBAY, ngayong ika-6 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wyrner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Glicenia M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan



Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Hulyo taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim

Nilagdaan ngayong ika- 23 ng Hulyo 2026


FRANCIS ALBERT G. JUAN
Punong Bayan